


## Mga Liham na Pastoral kina Timoteo at Tito

Ang mga pagbabagong kultural na nagaganap sa lahat ng anyo ng buhay ay may kinalaman din sa simbahan. Hindi nagmula kay Kristo ang lahat ng mga kapaniwalaan at kaugaliang itinuturo sa atin, kaya maaaring baguhin ang maraming bagay. Gayunman, may panganib na itakwil natin kasama ng mga ito ang tunay na pananampalataya. Ano ang nakatakdang pananampalatayang dapat nating sundin?

Lumitaw na ang problemang ito sa naunang simbahan, nang mga taong 64-67, nang mamatay sina Pedro at Pablo sa Roma bilang mga martir para kay Kristo. Sapagkat wala na sa piling ng simbahan ang mga nagpapatotoo kay Kristo, ipinalagay ng ilan na higit nilang malayang *ipangaral ang kanilang sariling doktrina*. Wala nang mas madali pa kaysa palitan ang pagsunod kay Kristo ng mga *talakayan at talumpatiang relihiyoso*!

Sa gayon, kinailangang ipagtanggol ng mga humalili sa mga apostol ang *doktrinang tinanggap nila mula* sa mga ito, kasabay sa pagpili at pagbuo sa mga ministrong karapatdapat. Ang mga bagay na ito ang tampok sa kabalisahang mapapansin sa mga kasalukuyang sulat kina Timoteo at Tito.

Ilang talata sa mga sulat na ito ang naglalaman ng mga payo ni Pablo sa kanyang mga katulong, sina Timoteo at Tito. Gayunman, matitiyak din na naragdagan iyon ng iba pang talata nang sumunod na mga panahon, maaaring noong 90 o 100 pagkasilang kay Kristo, at nasaklaw ng kapangyarihan ni Pablo ang pagtuturong ito ng unang Iglesya.

*Ang tatlong sulat na ito kina Timoteo at Tito ay tinatawag na "pastoral" sapagkat patungkol sa mga "pastol ng kaluluwa". Tungkol kay Timoteo, sangguniin ang Gawa 16:1 – kung paano siya nakatagpo ni Pablo. Sangguniin din ang 1 Corinto 16:10 at Filipos 2:19.*

**1** 1 Bati ni Pablo, na apostol ni Kristo
Jesus sa pasya ng Diyos na ating
Tagapagligtas at ni Kristo Jesus na ating
pag-asa,
2 kay Timoteo na tunay kong anak sa
pananampalataya: sumaiyo ang kagan-
dahang-loob, habag at kapayapaang
mula sa Diyos Ama at kay Kristo Jesus na
ating Panginoon.

**Mga bulaang guro**

• 3 Nang pa-Macedonia ako, sinabihan
kitang manatili sa Efeso para utusan ang
ilang tao na huwag baguhin ang aral 4 sa
pagsunod nila sa mga kuwento at walang
katapusang talaangkanan. Mga pagtatalo
lamang ang ibinubunga ng mga ito sa
halip ng gawang maka-Diyos sa bisa ng
pananampalataya. 5 Sa malinis na puso at
sa mabuting budhi at sa di-mapagkun-
waring paniniwala galing ang pag-ibig na
layunin ng pangangaral.
6 Nawala ang mga ito sa ilan, kaya nag-
kakabuhul-buhol sila sa mga salitang
walang-saysay. 7 Gusto nila na ituring
silang mga guro ng Batas gayong hindi
naman nila naiintindihan ang kanilang
sinasabi ni ang kanilang pinatototohanan.
8 Alam nga natin na mabuti ang Batas
kung ginagamit ito nang tama. 9 Alam din
natin na hindi para sa matuwid ang Batas,
kundi dahil sa masasama at suwail, mga
lumalabag sa Batas at makasalanan, mga
kriminal at lapastangan, mga pumapatay
ng ama at ina, at iba pang mamamatay-
tao, 10 sa mga mambababae, mga sumi-
siping sa kapwa-lalaki, mga nagnenegos-
yo ng kapwa, mga sinungaling, mga
sumisira sa kanilang panata at ang iba pa
– ang lahat ng sumasalungat sa mabuting
aral 11 na ayon sa Ebanghelyong ipinag-
katiwala sa akin ng maluwalhati at kapuri-
puring Diyos.
12 Pinasasalamatan ko ang humirang sa
akin, si Kristo Jesus na ating Panginoon.
Nagtiwala siya sa akin sa pagtatalaga
niya sa akin na tagapaglingkod. 13 Pasa-
lungat ako noong una, nang-uusig at
marahas. Subalit kinahahabagan niya ako
dahil kumilos ako sa kamangmangan sa
pagtanggi kong maniwala. 14 Masaganang
ibinuhos sa akin ang kagandahang-loob
ng ating Panginoon, kasama ang Kris-
tiyanong pananampalataya at pag-ibig.
15 Totoo at maaasahan ang salitang ito:
dumating si Kristo Jesus sa mundo upang
iligtas ang mga makasalanan, na ako ang
una. 16 At kinahahabagan ako upang sa akin
muna mahayag ang pasensya ni Kristo
Jesus, at magsilbing halimbawa sa mga
maniniwala sa kanya para magkaroon sila
ng buhay na walang hanggan. 17 Sa Hari

---

• **1.**3 Sa unang kabanatang ito, iba-iba at magkakahalo ang ilang paksa: inuulit ng mga ito ang nasabi na ni Pablo sa ibang sulat na ang komentaryo ay naibigay na.

Bibigyang-diin lamang natin ang tumutukoy sa mga huwad na propeta. Sapagkat patay na ang mga apostol na nakakita kay Kristo, nakalimutan na ng ilang tao na ang kabuuan ng pananampalataya ay nakabatay sa itinuro ni Kristo. Sa halip na pagnilay-nilayan ang pangangaral ng mga apostol, nagsimula ang ilan na talakayin at buuin ang mga teoriyang relihiyoso.

*Sa malinis na puso galing ang pag-ibig na layunin ng pangangaral* (5). Kailangang maging matatag si Timoteo sa pag-aalis sa mga talakayang nagpapahina sa simbahan at humahadlang sa pagsibol ng tunay na pag-ibig. Maging ang madudugong digmaan ay nagmumula sa mga walang silbing pagtatalong panrelihiyon. Upang maiwasan ang paghahati-hati, *kailangan natin ang isang malinis na puso at di mapagkunwaring paniniwala* (5).

• **2.**1 Nangunguna sa mga tuntuning sumasaklaw sa bawat kategorya ng mananampalataya ang dalawang payo tungkol sa pagsamba:

– Panalangin para sa mga namumuno
– Pag-uugali ng kababaihan sa simbahan

*Iginigiit ko na isamo at ipanalangin* (1). Hinahangad ni Pablo na makiisa ang mga Kristiyano sa kanilang mga kababayan, maging matapat sa kanilang bayan at magdasal para dito. Sa kabila ng mga kasalanan at pamahiin, naging relihiyoso ang paganong daigdig na ito. Kasama ng bawat kilos nila ang relihiyon. Ito ang nagpapaliwanag kung bakit nang sumunod na mga panahon, inusig bilang mga rebelde at taksil ang mga Kristiyano, sapagkat hindi nila sinamba ang emperador, o ang mga diyus-diyusan nito.

Hindi balakid ang katapatan kay Kristo sa katapatan

ng panahon, sa walang-kamatayan, di-
nakikita at iisang Diyos: dangal at luwal-
hati magpakailanman. Amen!

18 May ipapaalaala ako sa iyo, anak
kong Timoteo, batay sa mga salita ng
mga propeta na binigkas sa iyo noon:
ipaglaban mo ang mabuting laban, nang
may pananampalataya at mabuting
budhi. 19 Ito ang itinakwil ng ilan at
winasak nila ang kanilang pananam-
palataya, 20 tulad nina Himeneo at Alejan-
dro na ipinaubaya ko kay Satanas upang
matuto silang huwag lapastanganin ang
Diyos.

## 2

• 1 Iginigiit kong isamo, ipagdasal,
ihiling at ipagpasalamat ang lahat
ng tao 2 ang mga hari at mga namumuno,
upang mabuhay tayo sa kabanalan at ka-
tamtaman, sa katahimikan at kapaya-
paan.

3 Mabuti nga ito at kalugud-lugod sa
paningin ng Diyos na ating Tagapagligtas;
4 siya ang may gustong maligtas ang lahat
ng tao at marating ang kaalaman sa
katotohanang ito: 5 iisa ang Diyos, iisa rin
ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga
tao – si Kristo Jesus na tao. 6 At ito ang
patotoo ng Diyos sa takdang panahon:
inialay niya ang sarili bilang pantubos sa
lahat. 7 Ginawa akong tagapangaral at
apostol nito; totoo ang sasabihin ko at
hindi kasinungalingan: naging guro ako
ng mga bansang pagano hinggil sa pana-
nampalataya at katotohanan.

8 Ito ang gusto ko sa panalangin saan-
man: malinis na kamay ang dapat itaas ng
mga lalaki nang walang galit at pag-
aaway.

9 Gayon din naman, magdamit sana
nang maayos ang mga babae, simple at
hindi masagwa. Wala nang pagpapakulot
at ginto o mga perlas o mamahaling
damit, 10 kundi mga mabubuting gawa
ang bagay sa mga babaeng sumasam-
palataya sa Diyos.

11 Matutuhan sana ng babae ang kata-
himikan at pagsunod. 12 Hindi ko pinahi-
hintulutang magturo ang babae; huwag
siyang mamuno sa lalaki kundi tuma-
himik. 13 Si Adan nga ang unang hinubog,
at pagkatapos ay si Eva. 14 At hindi si
Adan ang nalinlang, kundi ang babae,
kaya nagkaroon ng pagsuway. 15 Gayun-
paman, ang pagiging ina ang magliligtas
sa kanya. Manatili lamang ang mga babae
sa pananampalataya at pag-ibig at
magpapakabanal sa pagtitimpi.

---

sa bayan hanggat hindi ginagawang diyus-diyusan ang bayan at hinihingi sa mga mamamayan na pikit-matang sumunod sa mga namamahala dito.

Hindi natin matatalikuran ang pagtuligsa sa kanilang mga pagkakamali, at hindi rin natin maititigil ang pagkilala bilang mga kapatid sa mga taong hindi sumasang-ayon sa mga pinuno.

Nararapat na *ipanalangin natin ang mga namamahala*. Ang ibig bang sabihin nito ay hindi tayo puwedeng humanap ng higit na matapat at mabuting namamahala? Puwede, siyempre: tingnan ang Roma 13.

Sa kababaihan tumutukoy ang mga bersikulo 9-14. Alalahanin nating nagkaroon ng maraming alalahanin tungkol sa kalayaan sa simbahan, at napakapayak ang pakikipamuhay sa mga kapatid, kaya kung minsan ay nagbubunga ng pagmamalabis. Dahil dito kaya napakahigpit ang sulat.

Sa kabilang dako, lagi tayong nahihirapan sa pagtanggap sa hinihingi ng Ebanghelyo kapag naiiba ang itinuturo ng ating lipunan. Ang pagtingin ni Jesus sa kababaihan ay talagang bago at mapagpalaya, at sa simula, sumunod ang simbahan sa kanyang halimbawa (tingnan ang 1 Cor 7). Hindi nagtagal at nanumbalik sa karaniwang gawi ng pagbibigay ng limitadong puwang sa kababaihan sa lipunan, at ginagawa rin ito maging sa mga pagtitipong panrelihiyon.

Sa buong kasaysayan ng Iglesya, may malaking paggalang sa dignidad ng kababaihan at maraming hakbangin ang kumikiling dito; gayunman, maraming panahong hindi natatamo ng kababaihan ang pagiging pantay sa kalalakihan. Sa maraming pook, higit na malaya ang kababaihan sa Panggitnang Panahon kaysa panahong malapit sa ating panahon, sa ika-19 na siglo. Gayundin naman, sa mga dakong siyudad na may pakikisangkot sa pangangalakal, sa daigdig man o sa Iglesya, ay tinatamasa ng kababaihan ang isang katayuang hindi maihahambing sa kanilang katayuan sa mga lipunang walang pakikipag-ugnayan sa iba.

Ang totoo, ang Iglesya, sa sarili nito, ay hindi makabago sa daigdig at sa lipunan hanggang hindi natututuhan ng mga ito ang realidad ng sangkatauhan.

Ang talatang ito, na magpapagunita sa atin sa 1 Cor 11:1-10 at 14:34, ay tutol sa pagpapalaya sa kababaihan batay sa tekstong biblikal na karaniwang ginagamit ng mga gurong Judio.

**Tungkol sa mga obispo at mga diakono**

**3** • 1 Totoo ito: mabuting adhikain
ang maging tagapagsuri o obispo.
2 Dapat walang kapintasan ang obispo:
minsan lamang ikinasal, may pagtitimpi,
mahinahon, marangal, bukas ang taha-
nan at nakapagtuturo. 3 Hindi lasenggo,
hindi marahas kundi mabait, tahimik at di
mukhampera. 4 Maganda ba ang pama-
mahala niya sa kanyang bahay? Sinu-
sunod ba siya't iginagalang ng kanyang
mga anak? 5 Kung hindi siya marunong
mamahala sa sariling pamamahay, paano
niya mapangangalagaan ang samba-
yanan ng Diyos?
6 Hindi ang isang bagong Kristiyano at
baka yumabang siya at maparusahang
kasama ng diyablo. 7 Dapat ding siya'y
iginagalang ng mga di-kapanalig, dahil
baka hamakin siya at mahulog sa bitag ng
diyablo.
8 Gayon din naman ang mga katiwala o
diakono. Maging marangal sila, may
isang salita, hindi mahilig sa alak, o sa
pera. 9 Ingatan nawa nila ang mahiwagang
yaman ng pananampalataya sa kanilang
malinis na budhi. 10 Subukin muna sila at
saka sila maglingkod kung wala silang
kapintasan.
11 Gayon din naman ang mga babae:
marangal, hindi tsismosa, simple, tapat sa
lahat.
12 Minsan lamang dapat ikinasal ang
mga diakono, marunong mamahala sa
kanilang mga anak at sa kanilang pama-
mahay. 13 Kung maglilingkod sila nang
mabuti, uunlad sila at titibay sa Kristiya-
nong pananampalataya.

• 14 Isinusulat ko ang mga ito bagamat
inaasahan kong makapunta agad sa iyo.
15 Sa gayon, matagalan man ako, malala-
man mo kung paano ka kikilos sa samba-
hayan ng Diyos, na siyang Iglesya ng
Diyos na buhay, ang haligi at saligan ng
katotohanan. 16 Talaga ngang dakila ang
misteryo ng kagandahang-loob.

*Ipinakita siya sa laman,*
*tinanggap na matuwid sa Espiritu,*
*nagpakita sa mga anghel,*
*ipinahayag sa mga bansa*
*sinampalatayanan sa daigdig,*
*iniakyat sa kaluwalhatian.*

**4** • 1 Maliwanag na sinasabi ng Espi-
ritu na sa mga huling panahon,
may tatalikod sa pananampalataya
upang sumunod sa mga espiritung
mapanlinlang at sa mga aral ng demonyo.
2 Manggagaling ang mga aral na ito sa

---

• **3.1** Dito, nakikipag-ugnayan si Pablo sa mga pinuno, obispo at diakono (tingnan ang komentaryo sa Tito 1:6 at Fil 1:1).

• 14. Ipinagugunita sa atin ng maikling talatang ito na kung sadyang tayo ang nangangalaga sa Iglesya ng Diyos, hindi tayo ang nagtatag nito, ni ang mga guro nito. Isinilang ang Iglesya sa pamamagitan ng maawaing pakikialam ng Diyos, nang ipasya niyang kailangang maibilang ang kanyang Anak sa lipi ng sanlibutan, gaya ng ipinahahayag sa maikling tulang ito.

*Ang misteryo ng kagandahang-loob* (16). Ginagamit ng teksto ang salitang maisasalin na "kabutihan." Tingnan ang 2:2; 4:7; 6:3; 5:6; 2 Tim 3:5 at Tito 1:1). Nang panahong iyon, malimit na ginagamit ang salitang ito upang mangahulugan ng "mapagmahal na pakikitungo sa Ama at kapwa", na nagpapakilala sa mga tunay na mananampalataya na sadyang ginagaya ang halimbawa ng Diyos.

Ang Iglesya *ang haligi at saligan ng katotohanan* (15). Kailangang maunawaan natin ang pananalitang ito: mula sa itaas, mula sa daigdig na ang lahat-lahat ay katotohanan, ibinababa ng Diyos ang kanyang Katotohanan sa lupa, bilang isang haligi o nakikitang palatandaan na maaaring sandalan ng tao. Sa kabila ng mga pagtataksil ng Iglesya, ginagamit iyon ng Diyos upang pangalagaan sa daigdig ang tunay na kaalaman sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kung wala ang kaalamang ito, hindi magiging malaya ang tao, ni hindi mararating ng sangkatauhan ang kahustuhan ng isip.

• **4.1** Pagkamatay ng mga apostol, lumitaw sa Iglesya ang mga bagong guro na pinakialaman ang pananampalataya.

Kabilang sa mga pagkakamali, sinasabi ng mga taong ito na di malinis ang kahit anumang galing sa katawan at sa likas na buhay: isinumpa nila ang kasal, ipinagbawal ang pagkain ng karne at ang pag-inom ng alak. Di-Kristiyano ang kanilang paghamak sa katawan at sa mga bagay na nilikha ng Diyos, at nilalabanan ito ng Iglesya: tingnan ang Col 2:23.

mga taong mapagkunwari na tinatakan
ng apoy sa kanilang kalooban.

3 Ipagbabawal nila ang pag-aasawa at
ang ilang pagkain na nilikha ng Diyos
para tanggapin at ipagpasalamat ng mga
naniniwala at nakakakilala sa katoto-
hanan. 4 Mabuti nga ang lahat ng nilikha
ng Diyos at walang dapat itakwil, kundi
dapat tanggapin at ipagpasalamat. 5 At
pinababanal ito ng panalangin at ng salita
ng Diyos.

6 Kung ito ang ilalahad mo sa mga
kapatid, mabuting lingkod ka nga ni
Kristo Jesus, na pinakain ng mga salita ng
pananampalataya at ng mabuting aral na
itinuro sa iyo. 7 Itapon mo ang mga walang
saysay na kuwento ng mga ulyanin; sa
halip ay magsanay ka sa pagpapakaba-
nal.

8 Kaunti lamang ang pakinabang sa
pagsasanay ng katawan, ngunit kapaki-
pakinabang sa lahat ang pagpapakabanal
at may pangako ito para sa buhay ngayon
at sa darating. 9 Totoo at maaasahan ang
salitang ito. 10 Nagpapakapagod nga kami
at nagmamalasakit sapagkat umaasa
kami sa Diyos na buhay, ang Tagapaglig-
tas ng lahat, lalo na ng mga sumasam-
palataya.

**Payo kay Timoteo**

• 11 Iutos mo at ituro ang mga ito.
12 Hindi ka dapat hamakin dala ng iyong
kabataan. Sa halip, maging huwaran ka
ng mga kapatid sa iyong salita, gawa,
pag-ibig, pananampalataya at kadali-
sayan. 13 Hangga't di pa ako dumarating,
ilaan mo ang sarili sa pagbabasa, panga-
ngaral at pagtuturo. 14 Huwag mong ka-
limutan ang kaloob (o karismang) nasa
iyo, na ipinagkaloob sa iyo sa bisa ng mga
salita ng mga propeta kasabay ng
pagpapatong ng kamay ng Matatanda.
15 Pagnilayan mo at isagawa ang mga ito
upang makita ng lahat ang iyong pag-
unlad.

16 Ingatan mo ang iyong sarili at ang
iyong pagtuturo; magtiyaga ka rito. Kung
ganito ang gagawin mo, ililigtas mo ang
iyong sarili at ang mga nakikinig sa iyo.

---

*Sa mga huling panahon* (1 ): ito ang mga araw na nagsisimula sa muling pagkabuhay ni Jesus hanggang umabot sa kanyang ikalawang pagdating (Heb 1:2; Jaime 5:3).

*Maliwanag na sinasabi sa atin ng Espiritu*. Malimit na hinuhulaan ng mga Kristiyanong propeta na darating ang mga taong ipangangaral ang sariling mga teoriya, at hindi ang tunay na pananampalataya.

*Magsanay ka sa pagpapakabanal* (7). May bago tayong panganib dito. Katuwas ng mga guro na inuuyam ang buhay at naghahangad na mamuhay tayo bilang mga kakatwang tao, mayroon ding iba na lubusang nakabuhos ang isip sa mga panlabas na bagay. Sa daigdig ng Griyego-Romano, malaki ang kaabalahan sa mga larong pampalakasan at karera. Inaanyayahan tayong suriin, nang hindi hinahamak ang mga may kinalaman sa katawan, kung ibinibigay natin sa bawat bagay ang pagpapahalagang karapat-dapat dito at ang oras na dapat iukol dito.

• 11. Sa harap ng lahat ng mga huwad na guro, kailangan si Timoteong maging halimbawa ng isang tunay na apostol.

*Hindi ka dapat hamakin dala ng iyong kabataan*. Karaniwang sa mga pamayanang Kristiyano at Judio, matatandang lalaki ang mga namumuno. Ito ang dahilan kung bakit sila tinatawag na "matatanda" o "presbitero" (na iyon din ang kahulugan). Si Timoteo, na dumadalaw sa Iglesya sa ngalan ni Pablo, ay may kapangyarihan sa mga matatandang ito, bagamat higit siyang nakababata kaysa mga ito. Ang halimbawa ng kanyang matapat na pananampalataya at ang malalim niyang kaalaman sa Biblia ang kanyang lakas.

*Huwag kalimutan ang kaloob na espirituwal* (14). Kapag hinirang ang isang tao sa ministeryo o sa isang opisyal na puwesto sa pamayanan, itinuturing itong kaloob na espirituwal: halimbawa, presbitero, diakono, obispo, propeta. Samantalang ang ibang kaloob, gaya ng pagpapagaling sa maysakit, ay nagmumulang tuwiran sa Espiritu Santo, tinatanggap ang mga ministeryo sa isang apostol o propeta. Ipinapatong nito ang kanyang mga kamay sa ulo ng kandidato upang isalin dito ang kapangyarihang tinanggap niya sa katulad na paraan. Kayat sa Iglesya, bawat may awtoridad ay tumatanggap ng kanyang tungkulin mula kay Kristo sa pamamagitan ng pagkakasunud-sunod ng mga tao, mula sa apostol.

Sa pagkakataong ito, bumigkas ang mga propeta ng mga pagpapayo at babala sa kandidato (tingnan ang 1:18). Itinalaga si Timoteo sa pamamagitan ng mga salitang may propesiya: si Pablo ang mismong nagpatong ng kamay sa kanya (2 Tim 1:6), at saka ang iba pang propeta at matatanda rin.

**Tungkol sa mga biyuda**

**5** • 1 Huwag mong murahin ang ma-
tanda; ituwid mo siya na parang
ama mo, at ang iba pang kalalakihan
bilang mga kapatid, 2 ang matandang
babae na parang iyong ina, ang iba pang
kababaihan bilang mga kapatid, nang
may kadalisayan.

3 Igalang mo ang mga biyuda na tala-
gang biyuda. 4 Kung may mga anak o apo
ang biyuda, matuto silang maging mabuti
sa kanilang kasambahay at suklian ang
kanilang mga magulang. Ito ang kalugud-
lugod sa paningin ng Diyos. 5 Ang tala-
gang biyuda naman na nag-iisa na ay sa
Diyos umaasa at nagdarasal at suma-
samo araw at gabi. 6 Ngunit patay na kahit
buhay pa ang maluhong biyuda. 7 Iutos
mo ito upang walang maipintas sa kanila.
8 Kapag pinabayaan ninuman ang kan-
yang kamag-anak, lalo na ang kanyang
mga kasambahay, itinatakwil niya ang
pananampalataya; masahol pa siya sa
mga di-sumasampalataya.

9 Ang mga biyudang ito lamang ang
ililista: may animnapung taong gulang
pataas, minsan lang ikinasal, 10 at may
patotoo sa kanyang mga mabuting gawa:
paano siya nagturo sa mga anak? nag-
patuloy ba siya sa kapwa? naghugas ng
mga paa ng mga banal? tumulong ba siya
sa mga namimighati at sanay ba siya sa
paggawa ng mabuti?

11 Huwag mong tanggapin ang mga
batang biyuda. Kapag nagsawa sila kay
Kristo, gugustuhin nilang mag-asawa uli
12 at pumapasok sila sa gulo sa paglabag
nila sa unang pangako. 13 At saka, naka-
kagawian nila ang pagiging tamad at
pangangapitbahay. Hindi lamang mga ta-
mad, kundi mga pakialamera pa at dal-
dalera at kung anu-ano ang sinasabi.

14 Kaya gusto ko na mag-asawa uli ang
mga bata pang biyuda at magkaanak at
asikasuhin ang kanilang bahay at huwag
bigyan ng anumang pagkakataon ang
kalaban na manuligsa; 15 tumalikod na
nga ang ilan para sumunod kay Satanas.
16 Kung may mga biyuda ang isang
Kristiyano sa bahay niya, tulungan niya
sila upang huwag nang maging pabigat sa
Iglesya at nang matulungan ang mga
talagang biyuda.

**Tungkol sa Matatanda**

• 17 Dapat bigyan ng dobleng bayad
ang mga Matatanda na mahusay mama-
hala, lalo na ang mga nagtatrabaho sa

---

• **5.1** Sa mula't mula, may natatanging papel na ginagampanan ang kababaihan sa Iglesya. Humahawak ng opisyal na puwesto ang ilan sa kanila, na tinatawag na "biyuda".

Nababanggit dito ang tatlong uri ng biyuda: hindi kailangan ng ilan ang tulong mula sa pamayanan sapagkat may mga kamag-anak sila; ang iba naman ay sadyang nangangailangan ng tulong ng pamayanan. Pangwakas, mayroong iba na tulungan man o hindi ay namumuno sa ilang gawain.

*Pumapasok sila sa gulo*... (12). Ang ibig sabihin nito ay sinira ng biyuda na kabilang sa ikatlong kategorya ang isang komitment sa pag-aasawa niyang muli. Nakatalaga nga siya sa paglilingkod kay Kristo, gaya ng kababaihang relihiyoso sa kasalukuyang panahon.

*Ang talagang biyuda naman ay sa Diyos umaasa.* Kailangan nating basahin ang sinasabi ni Pablo sa 1 Cor 7 tungkol sa higit na kalayaang angkin ng mga kababaihang hinaharap ang buhay na walang-asawa upang makapaglingkod sa Panginoon. Tinatawagan ang bawat taong binyagan upang pailalim na ganap kay Kristo. Kung bunga ng mga pangyayari sa buhay, natagpuan natin minsan pa na tayo ay nag-iisa at nakalaya na sa mga pananagutan sa pamilya maaaring ito ang paanyaya mula sa Diyos upang ihandog nating lubusan ang ating sarili sa paglilingkod sa Iglesya, at sa palagiang pananalangin.

• 17. Minsan pa, pinag-uukulan ng pansin ni Pablo ang mga "matatanda" o "presbitero" na namumuno sa pamayanang lokal.

*Dapat bigyan ng dobleng dami ang mga Matatanda.* Gusto ni Pablo na tulungan ng pamayanan ang mga lider nito, sa paraang moral at pinansiyal.

Gayunman ay kailangang tupdin nila ang kanilang mga tungkulin. *Sisihin mo sila sa harap ng lahat upang matakot ang iba*: Hindi mga anghel ang mga unang Kristiyano. Maminsan-minsan, nangangailangan ng mahigpit na disiplina ang kanilang mga masigasig at matapat na pananampalataya upang manatiling tapat sa kanilang gawain.

Tingnan ang Col 3:22 at Tito 2:9 tungkol sa mga pananagutan ng mga *alipin*.

Sa simula at pagwawakas ng kabanata, iginigiit ng

pangangaral at pagtuturo. [18] Sinasabi nga
ng Kasulatan: *Huwag mong busalan ang*
*bakang gumigiik,* at *May karapatan ang*
*trabahador sa kanyang suweldo.*
[19] Huwag mong panghawakan ang sum-
bong laban sa Matanda kung hindi galing
sa dalawa o tatlong saksi. [20] At sisihin mo
sa harap ng lahat ang mga nagkakasala
upang matakot ang iba.

[21] Iginigiit ko sa iyo sa harap ng Diyos at
ni Kristo Jesus at ng mga hinirang na
anghel: tuparin mo ang lahat ng ito; wala
kang itatangi ni kikilingan man. [22] Huwag
mong ipatong kaninuman ang mga
kamay nang basta na lamang; baka ma-
sangkot ka sa kasalanan ng iba. Huwag
kang mapintasan ninuman. [24] Lantaran na
ang mga kasalanan ng ilan, gayong wala
pang pag-uusisa, ngunit ang sa iba'y pag-
katapos lamang nito saka lumilitaw.
[25] Gayundin nahahayag ang mabubuting
gawa at ang hindi pa ay mahahayag din.

[23] (Huwag tubig lamang ang inumin mo
kundi kaunting alak din dahil sa iyong
sikmura at madalas mong panghihina.)

**6** [1] Ituring ng lahat ng tauhan at
alipin na nararapat igalang ang
kanilang mga amo. Sa gayo'y hindi
malalait ang ngalan ng Diyos at ang
kanyang aral. [2] Kung kapanalig nila ang
kanilang mga amo, huwag nilang bale-
walain ang mga ito dahil magkakapatid
sila; sa halip, paglingkuran nila nang higit
pa ang mga ito dahil kapanalig at
kaibigan ang pinaglilingkuran nila.

**Pag-ibig sa salapi**

Ito ang ituro at iutos. [3] Kung may nagtu-
turo ng iba na di ayon sa mga salita ng
ating Panginoong Jesucristo at sa banal
na aral, [4] mayabang ang taong ito.
Mangmang siya, mahilig sa mga pagba-
tikos at pagtatalo sa salita. Nagbubunga
ito ng inggit, away, insulto, masamang
hinala, [5] mga diskusyon ng mga taong
baluktot ang isip at wala sa katotohanan,
at ginagamit ang relihiyon sa pagpapa-
yaman.

[6] Kayamanan nga ang relihiyon para sa
sinumang nasisiyahan sa kung ano
lamang meron siya. [7] Wala tayong dinala
sa daigdig na ito at wala rin tayong
mailalabas. [8] Makuntento na tayo kung
may pagkain at damit. [9] Mahuhulog
naman sa tukso ang mga may gustong
yumaman. Mabibitag sila sa mga bulag
at nakasasamang hangarin na magha-
hatid sa tao sa kapahamakan at pag-
kawala. [10] Sapagkat ugat ng tanang kasa-
maan ang pag-ibig sa salapi; nalihis na sa
pananampalataya ang ilang naghangad
nito, at dumanas sila ng maraming pag-
hihirap.

[11] Ikaw naman na tao ng Diyos, iwasan
mo ang lahat ng ito. Hanapin mo ang
katarungan, kabanalan, pananampala-
taya, pag-ibig, pagtitiis at kabaitan.
[12] Ipaglaban mo ang mabuting laban ng
pananampalataya, kamtin ang buhay na
walang hanggan. Dahil dito kaya ka
hinirang at kaya mo ipinahayag ang
magandang patotoo sa harap ng mara-

---

awtor ang katapatan sa tradisyon. Hindi bagay na maiiangkop sa panlasa ng tao ang aral ng pananampalataya. Hinihingi sa mga namumuno na igalang ang yamang itinagubilin sa kanila upang maisalin naman sa iba. May nakikita tayong dalawang kamalian:

– Maraming salita ang ilan, sa halip na lumalalim na pananampalataya.

– Pinapalitan ng iba ang pagsuko sa Salita ng Diyos ng nanunuligsang aktitud: binabago nila ang pananampalataya na di naaayon sa kanilang opinyon.

Dalawang ulit na binanggit ang salapi (6:10 at 6:17-19). Pagkaraan ng mga unang taon na pinangibabawan ng masigasig na pananampalataya, natuklasan ng Iglesya, na maging sa mga mananampalataya, nawawala ang lahat kapag umiral ang pag-ibig sa salapi. Ang pagkakagapos natin sa salapi ay nagiging daan upang mawala ang ating pagtitiwala sa Diyos (10). Kailangang hanapin ng mayayaman ang Diyos sa tunay na pananalangin at sa pakikihati sa kanilang mga kapatid.

Pinakiusapan ni Pablo si Timoteo na iwasan ito (11) at manatiling tapat sa pananampalataya at di-gahaman. Sa paraang ito, siya ay magiging "lingkod ng Diyos", at tunay na nagpapatotoo kay Kristo – gaya ng pagpapatotoo ni Kristo sa buhay na Ama (13).

ming saksi. 13 Kaya itinatagubilin ko sa iyo
sa harap ng Diyos na nagbibigay-buhay
sa lahat at ni Kristo Jesus na nagbigay ng
magandang patotoo sa harap ni Poncio
Pilato: 14 tuparin mo nang walang dungis
at kapintasan ang Utos hanggang sa
pagpapakita ng ating Panginoong Jesu-
cristo. 15 Ipahahayag siya sa takdang
panahon ng maluwalhati at kaisa-isang
Makapangyarihang Hari ng mga hari at
Panginoon ng mga panginoon. 16 Tanging
siya ang di-namamatay at nasa liwanag
na di maaabot; hindi siya nakita o maki-
kita ng tao; sa kanya ang karangalan at
kapangyarihan magpakailanman. Amen!
17 Sa mayayaman sa mundong ito,
pagsabihan mo sila na huwag magmataas
at huwag manalig sa kayamanang di
maaasahan; kundi sa Diyos na masaga-
nang nagbibigay sa atin ng lahat ng ating
tinatamasa. 18 Sabihan mo sila na gu-
mawa ng mabuti, magpayaman sa maga-
gandang gawa, magmagandang-loob, at
magbigay 19 upang makapag-impok ng
magandang puhunan para sa darating at
magkamit ng tunay na buhay.
20 O, Timoteo, ingatan mo ang ipi-
nagkatiwalang Aral at iwasan ang mga
walang kuwentang pag-uusap pati na ang
mga katwiran ng huwad na karunungan.
21 May mga naniwala dito at lumihis sa
pananampalataya.

Sumainyo nawa ang kagandahang-loob.

# 2 SULAT KAY TIMOTEO



Tingnan ang Introduksyon sa 1 Timoteo. Sa ikalawang liham na ito kay Timoteo ay nababasa natin ang ilang talatang sinulat ni Pablo mula sa isang piitan sa Roma. Parang naging isang pamamaalam ito, sa isang sandaling matindi ang nadarama niyang kalungkutan at ipinalalagay na tinalikuran na siya ng mga mananampalataya. Nakikini-kinita niya ang nalalapit na paghatol sa kanya ng kamatayan, at tinawag niya si Timoteo.

Sa takdang sandaling iyon, ipinakita ni Pablo ang kanyang ganap na pagtitiwala sa Panginoon at tinangka niyang ipabatid ang kanyang diwa kay Timoteo.

**1** 1 Bati ni Pablo na apostol ni Kristo
Jesus sa kagustuhan ng Diyos,
alang-alang sa pangako ng buhay na
nakay Kristo Jesus,
2 kay Timoteo, mahal kong anak:
Sumainyo nawa ang kagandahang-
loob, awa at kapayapaan mula sa Diyos
Ama at kay Kristo Jesus na ating Pangi-
noon.

### Hindi tayo bininyagan ng Diyos ng espiritu ng pagkatakot

• 3 Nagpapasalamat ako sa Diyos na
pinaglilingkuran ko nang may malinis na
budhi gaya ng aking mga ninuno, habang
walang tigil kitang ipinagdarasal araw-
gabi. 4 Naaalaala ko ang iyong mga luha
at nananabik akong makita ka upang
mapuspos ang aking tuwa. 5 Inaalaala ko
ang tapat mong pananampalataya na siya
na ngang pananampalataya ng iyong Lola
Lois, at ni Eunice na iyong ina, at tiyak
kong sumasaiyo rin.
6 Kaya ipinaaalaala ko sa iyo na papag-
alabin mo ang kaloob (o karisma) ng
Diyos na sumaiyo sa pagpapatong ng
aking mga kamay. 7 Hindi nga espiritu ng
pagkatakot ang ibinigay sa atin ng Diyos,
kundi ng kapangyarihan, pag-ibig at
pagtitimpi. 8 Kaya huwag mong ikahiya
ang patotoo ng ating Panginoon ni ako
mismo na bilanggo para sa kanya. Sa
halip, makibahagi ka rin sa mahirap na
gawaing pang-Ebanghelyo sa tulong ng
lakas ng Diyos. 9 Siya ang nagligtas sa
atin, at hinirang niya tayo sa banal na
pagtawag, hindi sa bisa ng ating mga
gawa kundi sa kanyang sariling balak at
kagandahang-loob. Bago pa magsimula
ang panahon, ibinigay na ang kagan-
dahang-loob na ito sa atin kay Kristo
Jesus, 10 ngunit ngayo'y ibinunyag sa
pagpapakita ni Kristo Jesus na ating
Tagapagligtas. Pinuksa nga niya ang
kamatayan at pinagliwanag ang buhay na
walang hanggan sa pamamagitan ng
Ebanghelyo. 11 At ginawa akong taga-
pangaral, apostol at guro nito.
12 Ito ang dahilan ng pagtitiis ko ngunit
hindi ako nahihiya, sapagkat alam ko
kung sino ang pinanaligan ko, at tiyak
kong iingatan niya hanggang sa araw na
iyon ang inihabilin ko.
13 Gawin mong huwaran ng Kristiya-
nong pananampalataya at pag-ibig ang
mga salitang narinig mo sa akin. 14 Inga-
tan mo ang ipinagkatiwalang mabuting
Aral sa tulong ng Banal na Espiritung
nasa atin.
15 Alam mo na iniwan ako ng lahat ng
taga-Asia, kabilang sina Figelo at
Hermogenes. 16 Pagpalain nawa ng Pangi-
noon ang sambahayan ni Onesiforo,
sapagkat madalas niya akong bini-
bigyang-sigla at hindi niya ikinahiya ang
aking mga gapos. 17 Pagdating niya sa
Roma, hinanap niya ako at nakita.
18 Loobin nawa ng Panginoon na maka-
tagpo siya ng awa sa kanya sa araw na
iyon. Alam na alam mo kung paano siya
naglingkod sa Efeso.

### Magtrabahong tulad ng isang mabuting sundalo ni Kristo

**2** • 1 Kaya, anak ko, palakasin mo ang
iyong loob sa grasyang nakay Kristo

---

• **1**.3 *Papag-alabin mo ang karisma ng Diyos na sumasaiyo.* Tingnan ang 1 Tim 4:14. Tinatangka ni Pablo na ipagkaloob ang kanyang sariling kalakasan kay Timoteo at ipinagunita niya rito ang pag-ibig at mga pangako ng Diyos.

*Ang mga salitang narinig mo... ang ipinagkatiwalang mabuting aral...* (13-14). Tingnan ang 1 Tim 1:3. Hindi maaaring baguhin ang mabuting aral ng Ebanghelyo, ngunit hindi rin ito mapangangalagaan nang walang tulong ng Espiritu Santo na nagdaragdag sa kahalagahan nito araw-araw.

*Siya ang nagligtas sa atin* (9). Tingnan ang Efeso 2:8-10.

*Iingatan niya ang inihabilin ko* (12). Gayon ang katiyakan ng mananampalataya. Hindi humahanga ang mananampalataya sa mga pangako ng sanlibutan, sa halip ay ginugugol niya ang kanyang buhay sa malimit ay waring walang pakinabang at nagtitiyaga siya na waring nakikita ang hindi pa maaaring makita (Heb 11:27).

• **2**.1 *Ituro sa mga taong matapat na may*

Jesus. 2 Ang narinig mo sa akin sa harap
ng maraming saksi ang ituro mo sa mga
taong matapat na may kakayahang
magturo sa iba.

3 Magtiis ka bilang mabuting sundalo ni
Kristo Jesus. 4 Hindi nasasangkot sa mga
karaniwang hanapbuhay ang nasa hukbo,
sapagkat gusto niyang maging kalugud-
lugod sa kumuha sa kanya. 5 At hindi
ginagantimpalaan ang manlalaro kung
hindi ayon sa laro ang kanyang laban.
6 Ang magsasakang nagtrabaho ang
unang dapat tumanggap ng mga bunga.
7 Isipin mo ang sabi ko; ipauunawa sa iyo
ng Panginoon ang lahat.

8 Alalahanin mo si Jesucristo na mula
sa lahi ni David, na muling binuhay ayon
sa aking Ebanghelyo. 9 Dahil dito kaya
ako nagtitiis at nakagapos na gaya ng
isang kriminal, ngunit hindi maigagapos
ang salita ng Diyos. 10 At tinitiis ko ang
lahat alang-alang sa mga hinirang upang
makamit din nila ang kaligtasan kay
Kristo Jesus, taglay ang walang hang-
gang kaluwalhatian.

11 Totoo ang kasabihang ito:

*Kung kasama niya tayong namatay,*
*kasama niya tayong mabubuhay;*
12 *Kung magtitiis tayo, kasama rin niya*
*tayong maghahari;*
*Kung itatakwil natin siya, itatakwil din*
*niya tayo;*
13 *Kung hindi tayo tapat, tapat pa rin*
*siya sapagkat hindi niya maitatakwil ang*
*kanyang sarili.*

**Tigilan ang mga argumento**

14 Ito rin ang ipaalaala mo sa kanila at
iutos sa harap ng Diyos: tigilan na nila ang
mga argumento; alam mong walang silbi
ang mga ito at nililito lamang ang mga
nakikinig. 15 Pagsikapan mong maging
subok na utusan para sa Diyos, isang
manggagawang walang kapintasan na gi-
nagamit nang mahusay ang salita ng
katotohanan. 16 Iwasan mo ang mga
walang kuwentang pag-uusap. Lumu-
lubog nga sa kasamaan ang mga guma-
gawa nito 17 at kumakalat ang kanilang
salita gaya ng nana, lalo na ang kina
Himeneo at Fileto. 18 Lumihis na sila sa
katotohanan at sinasabi nila na narito na
ang pagkabuhay. At sinira nila ang panan-
ampalataya ng ilan. 19 Gayunman, naka-
tayo pa rin ang matatag na pundasyong
gawa ng Diyos, kung saan nakatatak:
*Kilala ng Panginoon ang mga kanya,* at:
*Tumalikod sa kasamaan ang tumatawag*
*sa ngalan ng Panginoon.*

20 Hindi lamang ginto at pilak na
sisidlan ang nasa malaking bahay, kundi

---

*kakayahang magturo...* (2). Mula sa mga unang misyon ni Pablo, nakita natin ang kanyang malasakit na hayaan ang mga pamayanan sa mga sariling pinuno nito (Gawa 14:23). Tingnan din ang Tito 1:6. Dito, iginiit ni Pablo na kailangang mapangalagaan nilang walang pagbabago ang aral ng pananampalataya.

Pagkatapos ay inanyayahan ni Pablo si Timoteo na sumukong lubusan, na tinitiyak ang pagbibigay-gantimpala sa kanyang mga pagsisikap.

Kailangang maging matapang at malakas ang magpapatotoo kay Kristo bilang sugo ng matagumpay na Kristo. Kailangang iwasan niya ang maraming paraan ng pag-aaksaya ng panahon na maglalayo sa kanya sa landas ng kanyang misyon: walang-katuturang usapang said sa kahalagahan. Gayon din ang mga bagay na hindi mapabubuti ang paglilingkod sa Diyos (1 Tim 1:4), mga huwad na problemang panrelihiyon na walang kinalaman sa tunay na buhay.

*Ang nasa hukbo...* (4). Sa ilang takdang panahon, ginusto ni Pablo na makapaghanapbuhay samantalang nangangaral (2 Cor 11:9; 2 Tes 3:7) ngunit ngayon ay abala siya sa mga nagsasayang ng oras sa paghahanap-buhay, gayong tungkulin ng pamayanan na pangalagaan sila.

Bumabalik si Pablo sa mga karanasan niya sa gawaing apostoliko. Nasubok ng panahon ang mga napasampalataya: umunlad ang ilan at ang iba pa ay naligaw. Hindi dapat magtaka ang apostol: hindi mayayanig ng anumang pagkadapa o iskandalo ang *matatag na pundasyong gawa ng Diyos* (19) at hindi mawawasak ang Iglesya.

*Sinabi nila na narito na ang muling pagkabuhay* (18). Naging napakahirap sa mga Griyego na maniwala sa muling pagkabuhay. Maaaring sinabi ng mga taong ito na naganap ang isang muling pagkabuhay na espirituwal sa pamamagitan ng pagbibinyag, at wala nang maaari pang asahang ibang muling pagkabuhay, pagkatapos ng kamatayan.

may yari din naman sa kahoy at putik.
Para sa magagandang bagay ang una at
para naman sa mga basura ang iba.
21 Gaya ng sabi ko, magiging sisidlan ng
maganda, banal at kasiya-siya sa Pangi-
noon ang sinumang maglinis ng sarili sa
mga ito, at magiging handa siya sa lahat
ng mabubuting gawa.

22 Iwasan mong matulad sa mga kaba-
taan sa pagnanasa; ang kabanalan, pana-
nampalataya at pag-ibig ang hangarin
mo, at maging mapayapa sa mga tumata-
wag sa Panginoon nang may malinis na
puso. 23 Layuan mo ang mga magulong
pagtatalo ng mga hangal; alam mo na
nagbubunga ito ng away. 24 Hindi dapat
palaaway ang lingkod ng Panginoon,
kundi mabait sa lahat, kayang magturo at
hindi magagalitin. 25 Pangaralan niya
nang mahinahon ang mga nakikipagtalo
sa kanya – may pag-asa pang ibigay sa
kanila ng Diyos ang pagbabalik-loob
upang makilala ang katotohanan. 26 At
mapalalaya nila ang sarili mula sa mga
bitag ng diyablo na nagpakilos sa kanila
ayon sa kanyang kalooban.

3 • 1 Dapat mong malaman na may
panahon ng paghihirap sa mga hu-
ling araw. 2 Ang mga tao ay magiging
makasarili, sakim, palalo, mayabang,
mapang-insulto, suwail sa mga magu-
lang, walang utang na loob, tampalasan,
3 matigas ang puso, salawahan, mapani-
rang-puri, walang kontrol sa sarili, malu-
pit, kaaway ng mabuti, 4 mga taksil,
matigas ang ulo, mapagmataas, mas
mahal ang kasiyahan kaysa Diyos, 5 may
panlabas na kabanalan ngunit itatakwil
nila ang ibig sabihin nito. Layuan mo ang
ganitong mga tao.

6 Ganito ang mga nagbabahay-bahay
at bumibihag sa mga babaeng hangal na
puno ng kasalanan, at alipin ng mga
pagnanasa 7 na laging natututo ngunit
hinding-hindi makarating sa katoto-
hanan. 8 Kung paanong kinontra nina Jan-
nes at Mambres si Moises, gayon din
kinokontra ng mga ito ang katotohanan;
mga taong bulok ang isip at huwad ang
pananampalataya. 9 Ngunit hindi sila
magtatagumpay sapagkat malalantad sa
lahat ang kanilang kahangalan, gaya ng
sinapit ng mga iyon.

10 Ngunit sinundan mo ang aking aral,
pamumuhay, layunin, pananampalataya,
lawak ng pang-unawa, pag-ibig, pagtitiis.
11 Alam mo ang mga pag-uusig at hirap na
dinanas ko sa Antiokiya, Iconio at Listra.
Matinding pag-uusig na aking tiniis! At
mula sa lahat sinagip ako ng Panginoon.
12 Uusigin nga ang lahat ng naghahangad
sa banal at Kristiyanong pamumuhay,
13 samantalang pasama naman nang
pasama ang mga masasama at man-
daraya, ang mga manlilinlang at nali-
linlang.

14 Manatili ka sa iyong natutuhan at
ipinagkatiwala sa iyo: alam mo kung sino
ang nagturo sa iyo. 15 Alam mo na ang
mga banal na Kasulatan mula pa sa iyong
kamusmusan. Ito ang magiging karunu-

---

• **3.**1 *Sa mga huling araw* (1): ang ibig sabihi'y ang panahong nagsisimula sa pagdating ni Kristo. Ang presensiya ng kasamaan sa mismong Iglesya ay hindi dapat makagitla sa atin.

*Ito ang magiging karunungan mo* (15). Ang pagninilay-nilay sa Banal na Kasulatan ang dakilang paraan ng pag-unlad sa pananampalataya (15-17). Maliwanag na tinutukoy ni Pablo ang Matandang Tipan, na siyang tanging umiiral na Kasulatan nang panahong iyon. Isinabuhay ang Matandang Tipan at isiniwalat ang mensahe ng Diyos para sa atin sa kasalukuyan nang bigyang-liwanag ng Espiritu Santo (2 P 1:20). Ang susi sa Banal na Kasulatan naman ay ang pagpapatotoo ng mga apostol kay Jesus. Inililipat ito sa atin ng Iglesya: *ang ipinagkatiwala sa iyo: alam mo kung sino ang natutuhan mo.*

*Bunga ng Espiritu ng Diyos ang tanang nasa Kasulatan* kayat kailangang hanapin natin sa Banal na Kasulatan ang mensahe ng Diyos sa kanyang mga anak. Huwag gamitin iyon ng sinuman bilang isang batayan ng sariling haka-haka. Ang mismong Espiritu na gabay ng Iglesya ngayon ang nagpasigla na sa mga awtor biblikal.

ngan mo tungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng Kristiyanong pananampalataya. [16]Bunga ng espiritu ng Diyos ang tanang nasa Kasulatan at kapaki-pakinabang sa pagtuturo, pagkumbinsi, pagtutuwid at pagpapakabanal, [17]upang maging handa ang maka-Diyos sa lahat ng mabubuting gawa.

**Ipangaral ang Salita**

4 • [1]Inuutusan kita sa harap ng Diyos at ni Kristo Jesus na huhukom sa mga buhay at mga patay, at sa hinaharap na pagpapakita niya at paghahari: [2]ipangaral mo ang Salita, ipilit ito, napapanahon man at hindi, nang may pangungumbinsi, pagtutuwid at pangangaral nang may tiyaga at aral. [3]Darating nga ang panahon na hindi na matatagalan ng mga tao ang mabuting aral; sa halip, maghahanap sila ng mga gurong magsasabi ng gustong marinig ng kanilang makakating tainga. [4]Lalayo sila sa pakikinig sa katotohanan at babalik sa mga kuwento. [5]Lagi kang maging maingat, matiisin, kumilos bilang tagapangaral ng Ebanghelyo, tuparin ang iyong tungkulin.

[6]Malapit na akong ihain bilang sakripisyo at nalalapit na ang panahon ng aking pagyao. [7]Ipinaglaban ko ang mabuting laban, natapos ko na ang takbuhan, naingatan ko ang ipinagkatiwala sa akin. [8]May nakalaan nga sa aking korona ng kabanalan na gantimpala sa akin ng Panginoon sa araw na iyon. Makatarungan siyang hukom at hindi lamang ako ang bibigyan niya, kundi lahat ng naghihintay sa kanyang pagdating.

**Pangwakas na pagbati**

[9]Sikapin mong puntahan agad ako. [10]Iniwan ako ni Demas; nanabik siya sa daigdig na ito at nagpunta sa Tesalonika. Nagpa-Galasya naman si Crescente at nagpa-Dalmacia si Tito. [11]Si Lucas lamang ang kasama ko. Isama mo si Marcos at dalhin mo rito, sapagkat malaki ang maitutulong niya sa akin sa paglilingkod. [12]Sinugo ko si Tikico sa Efeso.

[13]Sa pagpunta mo, pakidala ang balabal na iniwan ko sa Troade kay Carpo pati ang mga aklat, lalo na ang mga yari sa katad. [14]Maraming kasamaan ang ginawa sa akin ni Alejandrong panday ng tanso. Gagantihan siya ng Panginoon ayon sa kanyang mga gawa. [15]Mag-ingat ka rin sa kanya sapagkat labis niyang kinontra ang aming pamamahayag.

[16]Walang tumulong sa akin sa unang pagtatanggol ko. Iniwan ako ng lahat. Huwag nawa itong ibilang na kanila. [17]Ngunit tinulungan ako ng Panginoon at pinalakas upang maipahayag ko ang mensahe at marinig ito ng lahat ng bansang pagano. At sinagip ako sa bunganga ng leon. [18]Sasagipin ako ng Panginoon sa lahat ng masama at ligtas akong dadalhin niya sa kanyang kaharian sa langit. Sa kanya ang luwalhati magpakailanman!

[19]Kumustahin mo sina Prisca at Aguila at ang pamilya ni Onesiforo. [20]Nasa Corinto pa rin si Erasto at iniwan kong may sakit si Trofimo sa Mileto. [21]Sikapin mong pumarito bago magtaglamig. Kinukumusta ka nina Eubulo, Pudente, Lino, Claudia at lahat ng kapatid.

[22]Mapasaiyong espiritu ang Panginoong Jesucristo. Sumainyo ang kagandahang-loob.

---

• **4**.1 *Ipangaral ang Salita* (2): ito ang huling payo ni Pablo. Ito ang unang dapat pagmalasakitan ng Iglesya at ng sinumang lider ng simbahan.

Alam ni Pablo na hindi siya palalayain at hahatulan siyang mamatay. Binabalikat niya ang kanyang sariling pagpapakasakit, tulad sa ginawa ni Jesus.

Natagpuan natin ang paghahambing ng kawal at ng manlalaro na labis na naiibigan ni Pablo. Nang mga panahong iyon, tumatanggap ng koronang laurel ang mga manlalaro, bilang sagisag ng kawalang-kamatayan.